

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilalabas ng Lungsod ng Brampton ang mga 2021 highlight, ipinapakita ang mahalagang achievement

BRAMPTON, ON (Pebrero 9, 2022) – Sa araw na ito, inilabas ng Lungsod ng Brampton ang isang update sa pagpapasulong nito sa 2018-2022 Mga Prayoridad sa Termino ng Konseho sa 2021, hina-highlight ang mga mahalagang nakamit sa loob ng nakalipas na taon.

Sa kabila ng mga hamon na naharap ng Lungsod habang nagpapatuloy ito sa pag-navigate sa pandemyang COVID-19, naghahatid ito ng napakahusay at epektibong mga serbisyo na pinakamahalaga sa mga residente, at nakagawa ng mahalagang progreso sa pagpapasulong nitong mga prayoridad sa Termino ng Konseho.

Suporta ng komunidad sa panahon ng COVID-19

Ipinagpatuloy ng mga Task Force ng Lungsod at Pangkat na Nagtatrabaho sa Muling Pagbubukas at Pagbangon ang kanilang trabaho para matiyak na ang suporta at mga resource ay ibinigay sa mga naapektuhan ng COVID-19 sa komunidad, sini-secure ang higit sa \$120M pondo kaugnay ng COVID sa pamamagitan ng adbokasiya umpisa sa pagsisimula ng pandemya.

Kabilang sa maraming highlight ang:

- Ang coordinated na distribusyon ng Social Support Task Force sa higit sa 350 boxes ng sanitizer at 200 boxes ng antibacterial wipes sa mga organisasyon ng komunidad; at nakipagtuwang sa nangungunang mga distributor ng pagkain sa Peel sa pagpapa-improve sa Peel Hunger Relief Network.
- Ang Seniors Support Task Force sa pakikipagtulungan sa Brampton Recreation, ay nagtaguyod ng 51 pagpupulong sa pamamagitan ng Seniors' Digital Café; at nakipagtulungan sa Community Response Table Seniors Sub-group ng Rehiyon ng Peel at sa Komite sa Pagbabakuna sa Masa.
- Ang Youth Support Task Force ay nag-host ng libreng interaktibo at nagsasali sa lahat na mga aktibidad at games sa social media, pati na rin mga programa sa fitness at mga event para hikayatin ang mga kabataan na manatiling aktibo at naaaliw; at pinapadali at itinataguyod ang mga serbisyo sa pamamagitan ng network nito ng 40+ na mga organisasyong naglilingkod sa kabataan.
- Ang Economic Support Task Force na idinaos sa tatlong roundtable ng maliliit na negosyo, na may tinatayang 60 maliliit na negosyo ang dumalo; at nagbigay ng 78,800 Rapid Antigen Tests sa 850 maliliit na negosyo sa pamamagitan ng Brampton Entrepreneur Centre.
- Ang Pangkat na Nagtatrabaho sa Muling Pagbubukas at Pagbangon ay nag-organisa ng dalawang pagpupulong ng stakeholder, pinapasali ang 55 pangkat ng komunidad para pag-usapan ang ligtas na muling pagbubukas ng mga pasilidad ng Lungsod at mga programa; at nagsagawa ang, Working Group Chair ng maramihang pakikipag-usap sa publiko sa social

medila kasama ang By-law at Enforcement at ang Medical Officer of Health ng Rehiyon ng Peel..

Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad

Patuloy na pinapa-improve ng Lungsod ang pagiging magandang tirahan at pagkasagana:

- Naglaan ng \$8.4M para sa Affordable Housing Strategy na aprubado ng Konseho
- Namuhunan ng \$16.6M sa trabaho sa pagdisenyo ng kalye bilang bahagi ng bagong Integrated Downtown Plan
- Tumanggap ng \$250,000 mula sa Rehiyon ng Peel para sa paunang programa sa Welcoming Streets, na naglalayon na suportahan ang mga komunidad sa downtown sa pamamagitan ng ligtas na mas pagpapaganda sa komunidad
- Inilunsad ang BHive Brampton para sa pandaigdigang mga negosyante sa Innovation District ng Brampton, na ang 14 start-ups ay tinatanggap

Ang Brampton ay isang Mosaic

Ipinagdidiriwang ng Lungsod ang diversity ng Brampton at pagbuo ng holistic na framework para maukit ang pagiging diverse sa buong lungsod:

- 70 organisasyon na tinustusan sa pamamagitan ng Advance Brampton Fund, na may naipamahaging \$675,238
- 500+ ang dumalo sa mga sesyon ng impormasyon sa karera ng Brampton Fire and Emergency Services para sa diverse na mga komunidad
- Nagbigay ng \$290,775 sa pamamagitan ng Marquee Festival at Events Fund para sa event ng organisasyon ng 6 na komunidad
- Inuna ng Arts, Culture & Creative Industry Development Agency (ACCIDA) ng Brampton ang mga kolaborasyon, event at oportunidad para sa diverse at nasa laylayan na mga pangkat

Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod

Sinusuportahan ng Lungsod ang pagiging sustainable:

- Unang munisipalidad sa Ontario na nakakuha ng ganap na electric-powered fire truck
- Tinanggap ang walong electric buses sa Brampton Transit fleet
- \$25,000 grant ang natanggap mula sa CN at Tree Canada para maibalik ang Batsman Park woodlot
- \$1.2M ang na-secure mula sa Pamahalaan ng Canada para magtanim ng 8,000 punong-kahoy

Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod

Ang Lungsod ay nakatuon sa kaligtasan ng komunidad, pagpapa-improve sa suporta sa kalusugan ng isip, at hinihikayat ang aktibo at nakakalusog na mga uri ng pamumuhay:

- Sa pakikipagtulungan sa Jays Care Foundation at Peel District School Board, natapos ang Judith Nyman Field of Dreams accessible baseball diamond
- INag-instala ng 50 Automated Speed Enforcement cameras sa lungsod para makatulong na gawing mas ligtas ang mga daan para sa lahat ng gumagamit (pinakamalaking ASE program sa Ontario)
- Nagtalaga ng 180 Ligtas na mga Zone sa Komunidad sa buong lungsod para mapanatiling ligtas ang mga daan

- Ang Brampton Animal Services ay naging una sa Canada na mag-alok ng interaktibo na serbisyong pagbibigay ng tahanan sa mga pet na Home To Home™, na may 103 hayop ang nabigyan ng tahanan

Ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo

Mas pinapaganda ng Brampton ang araw-araw na mga operation:

- Napanatili ang S&P Triple A Credit Rating para sa ika-6 na kasunod na taon, na naglalarawan sa masiglang ekonomiya ng Lungsod, at mga gawain sa pinansyal na pangangasiwa
- #13 sa talaan ng Maclean oara sa Pinaka-magagandang Komunidad sa Canada 2021
- Ini-rank ng Forbes na isa sa Pinaka-mabubuting Employer sa taong 2021 sa Canada
- Nag-isyu ng 10,463 residensyal na mga permit at 1,145 industriyal, komersyal at institusyonal na mga permit, na may kabuuang \$1.726B halaga ng konstruksyon
- Naghatid ng ikaapat na magkakasunod na tax freeze habang pinapanatili ang pinakamalaking kontribusyon na \$117M sa mga reserve at nagpapakita komitment ng Lungsod sa pagpapalawak ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtatalaga ng \$62.5M ng pondo para sa bagong Peel Memorial Hospital

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga highlight at mga nakamit para sa 2021, bisitahin ang www.brampton.ca/tocp.

Mga Quote

“Sa kabila ng mga hamon na wala sa kontrol natin, patuloy na gumagawa ng mahalagang progreso ang Lungsod sa ating mahahalagang prayoridad sa buong 2021. Mula sa patuloy na pagtatakda sa ating mga sarili bilang lider ng pangkapaligirang pagka-sustainable sa pamamagitan ng pagkuha sa ganap na electric fire truck, sa pag-apruba sa \$16.6M pamumuhunan sa streetscaping para sa ating downtown, hanggang sa pagkamit ng ating ikaapat sa magkakasunod na tax freeze habang minimintina ang pinakamalaking kontribusyon sa mga reserve at pagpapakita sa komitment ng Lungsod sa pagpapalawak ng healthcare, patuloy nating nakukuha ang mga resulta para sa ating mga residente at negosyo. Inaasam natin ang pagpapatuloy ng trabahong ito sa 2022.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Noonong 2021, naharap tayo sa bilang ng mga hamon habang patuloy nating pinagdadaanan ang pandemyang COVID-19, ngunit ang ating mga staff ay mabilis na umangkop para patuloy na sumuporta sa ating mga residente, negosyo at mga pangkat ng komunidad. Sa matalim na pukos sa pagpapasulong nga Mga Prayoridad sa Termino ng Konseho, patuloy tayong naghahatid ng mahalagang mga inisyatiba at pinasulong an gating lungsod. Proud ako sa progreso ng ating team sa 2021, lahat habang patuloy na naghahatid ng napakahusay at epektibong mga serbisyo na pinakamahalaga sa ating mga residente”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*



Media Release

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca